# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HUNYO 07, 2021, LUNES, IKA-9:43 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 6-4-21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: 21 JUN 2021 Santa Cruz, Laguna

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

**KAPASIYAHAN BLG. 295-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 045-T2021 / KAUTUSANG BARANGAY BLG. 01-T2021 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG POBLACION II, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGPAPATIBAY NG PAGDARAGDAG NG ALLOWANCE NG MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BARANGAY, KATULUNGIN AT BARANGAY TANOD PARA SA TAONG 2022.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Poblacion II sa Sangguniang Bayan na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 045-T2021 / Kautusang Barangay Blg. 01-T2021 na madagdagan ang allowance ng mga kasapi ng Sangguniang Barangay, Katulungin at Barangay Tanod para sa taong 2022;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pag-aaral ng lupon ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Ramon D. Tan, at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa buong pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 045-T2021 / Kautusang Barangay Blg. 01-T2021 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion II, Santa Cruz, Laguna na nagpapatibay ng pagdaragdag ng allowance ng mga kasapi ng Sangguniang Barangay, Katulungin at Barangay Tanod para sa taong 2022.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at Sangguniang Barangay ng Poblacion II, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Hunyo 07, 2021.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
06-17-21